



Pahayagan

Detalyadong impormasyon tungkol sa aming mga serbisyo na maaari ninyong makuha sa inyong telepono sa bahay – Pebrero 2020

Nagbibigay kami ngayon ng bagong online resource para sa home phone services sa att.com/CAinfo.* May mga paksa tungkol sa paggamit ng inyong telepono sa isang emergency, mga bill payment options, at kung paano makakatipid sa inyong phone services. *Tingnan ang kabila upang malamanang lahat ng mga wikang makukuha.*

**Mangyaring isaisip: Simula 1/1/2020, ang aming bagong site, att.com/CAinfo ay kapalit ng aming 800.21.GUIDE hotline.*



Panimulang Mga Serbisyo

***Flat Rate Service, o Serbisyong Mayroong Hindi Nag-iibang Singil:** Makakagawa ng mga lokal na tawag nang walang limitasyon. Magbabayad ng hindi nag-iibang singil sa halagang \$27 bawat buwan**; magbabayad ng \$49 upang maumpisa ang serbisyo.

***Measured Rate Service, o Serbisyong Batay sa Paggamit:** Isang buwanang singil para sa telepono sa bahay, na may kasamang \$6.75 na calling allowance para sa mga tawag sa inyong lokal na calling area o sa Zone 3 kung kayo’y nasa isang Zone Usage Measurement (ZUM) area. Ang singil para sa mga tawag ay batay sa oras at tagal ng tawag. Ang mga Usage Rate: \$0.20 bawat minuto (o bahagi nito) sa inyong lokal area, \$0.25 bawat minuto (o bahagi nito) para sa mga singil sa Zone 3 kung nasa isang ZUM Area kayo. \$24.25 bawat buwan**; mayroong singil sa halagang \$49 upang ma-activate ang serbisyo.

California LifeLine: Panimulang serbisyo na may diskwento para sa kwalipikadong mga customer na may mababang kita na ibinibigay ng lokal na telephone company at inii-sponsor ng California Public Utilities Commission (CPUC).

- ***Flat Rate California LifeLine:** Walang hangganang local calling sa halagang \$8.48 bawat buwan**; may singil sa halagang \$10 upang ma-activate ang serbisyo.
- ***Measured Rate California LifeLine:** May kasamang 60 tawag na hindi inooras na bawat billing cycle (siklo ng pagsingil). Magbabayad ng \$0.08 bawat lokal na tawag higit sa 60 tawag. Presyo: \$5.73 bawat buwan**; \$10 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Maaaring karapat-dapat tumanggap ang kwalipikadong mga naninirahan sa mga Tribal Lands ng karagdagang mga diskuwento hanggang sa halagang \$25 bawat buwan para sa basic residential telephone service.

- *Maaaring makakuha ng libreng toll blocking ang kwalipikadong mga LifeLine customer.*

Zone Usage Measurement Calling (ZUM): Ang ZUM ay isang paraan ng pagpresyo sa mga lokal na tawag batay sa mga sona. Ang Sona 1 at Sona 2 ay mga lugar sa loob ng 0-12 milya. Sa sona 3 lokal na nakakatawag nang karagdagang 16 milya sa mga siyudad ng estado. Ang mga tawag sa Sona 1 at 2 na walang limitasyon ay kasama sa singil para sa Flat Rate Service. Ang singil sa halagang \$0.25 para sa bawat minuto ay naaangkop sa Measured Rate Service para sa mga tawag sa Sona 1 at Sona 2. Kung saan maaaring gumawa ng tawag na maituturing na Sona 3, ang singil ay \$0.25 bawat minuto para sa Flat at Measured Rate Service, kabilang ang California LifeLine Flat at Measured Rate Service. Kung saan walang Sona 3 na pagtawag, ang mga tawag na higit sa 12 milya ay sisingilin bilang mga Local Toll Call.

MetroPlanSM: Di-sapilitang serbisyo para sa mga customer sa mga ZUM Sona 3 calling area. Kabilang dito ang walang limitasyon na pagtawag sa Sona 3 (13 hanggang 16 na milya) sa halagang \$3 bawat buwan. Magkakaroon ng mas malawak na local calling area ang mga customer subalit magbabayad ng flat rate (hindi nag-iibang singil). Walang activation fee.

Mga Tawag na IntraLATA (Mga Local na Tawag na may Singil: May mga singil bawat minuto para sa mga tawag sa labas ng inyong local area at Sona 3 calling area subalit nasa loob ng inyong Service Area. (Tingnan ang mga Local Toll Calling Plan sa kabila.)

**Kasama sa singil ang dial tone, single-party service, Touch-tone capability, Toll Blocking sa kwalipikadong mga customer na may mababang kita, daanan sa interexchange service at daanan sa 911 at iba pang mga pang-emerhensyang serbisyo, daanan sa mga serbisyong gumagamit ng operator, mga incoming call na walang hangganan, pagpapalista sa AT&T White Pages telephone directory, isang kopya ng inilathalang AT&T White Pages telephone directory para sa inyong purok (Upang makakuha ng kopya ng AT&T White Pages Directory para sa inyong purok, tumawag sa 877.234.8339 o tumungo sa www.realpageslive.com upang makakita ng mga listing online.), daanan sa AT&T customer service at repair service, daanan sa mga toll-free number (mga teleponong 800 at ganoong uri), daanan sa California Relay for the Deaf sa pamamagitan ng “711” at daanan sa Directory Assistance. Hindi kasama sa mga presyo ang mga buwis, fees, mga Universal Service charge, Federal Subscriber Line Charge at installation. Ipinapaubaya ang Federal Subscriber Line Charge para sa mga California LifeLine customer. Hindi kasama sa mga presyo ang singil para sa kinakailangang pagkukumpuni sa wiring o jack sa loob ng bahay. **Mas mataas ang mga basic service rate sa mga Extended Area Service (EAS) exchange.*

Mga Calling Service

Caller ID: Makikita ninyo ang pangalan at telephone number (kung hindi ninyo nilagyan ng block) ng taong tumatawag sa inyo sa isang espesyal na display unit o telepono. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Call Waiting ID: Ibibigay sa inyo ang pangalan at telephone number (kung hindi ninyo nilagyan ng block) ng isang incoming call habang ginagamit ninyo ang inyong telepono. Kailangan mayroon ng Caller ID at Call Waiting. Presyo: \$8 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Anonymous Call Rejection (ACR): Hindi pinadadaan ang mga tawag mula sa mga telephone number na naka-block. Presyo: \$10.99 bawat buwan (libre kung mayroong Caller ID); \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Call Waiting: Naghuhudyat na mayroon kayong isa pang incoming call habang ginagamit ninyo ang inyong telepono. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Call Return (*69): Kaagad makaka-konekta sa inyong huling incoming call. Upang magpatala: \$10.50 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo, o \$3 bawat paggamit para sa mga hindi naka-subscribe.

Three-Way Calling: Sabay-sabay makakausap ang dalawang taong hiwalay na tumawag sa inyo. Upang magpatala: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo. \$3 bawat paggamit para sa mga hindi subscriber.

Repeat Dialing (*66): Patuloy na ida-dial ang isang teleponong busy nang hanggang sa 30 minuto at bibigyan kayo ng senyas, isang espesyal na ring kapag libre ang linya. Upang magsubscribe: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo, o \$1.99 bawat paggamit para sa mga hindi subscriber.

Priority Ringing: Mabibigyan ninyo ng natatanging ring ang hanggang sa 10 telephone number na pinili ninyo at io-override ang Anonymous Call Rejection. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Call Forwarding: Awtomatiko ninyong maipapadala ang mga incoming call sa ibang telephone number, kabilang ang mga pager at mobile phone. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Busy Call Forwarding: Hinahatid ang mga incoming call kapag busy ang inyong linya sa isang telephone number na pinili ninyo. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Delayed Call Forwarding: Ipinapadala ang mga incoming call kapag busy ang inyong linya sa isang telephone number na pinili ninyo, pagkatapos ng ilang mga ring na pinili ninyo. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Select Call Forwarding: Pumili ng hanggang sa 10 telephone number na ipapadala sa ibang telephone number. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Remote Access to Call Forwarding: Maaari ninyong i-on o i-off ang Call Forwarding, o palitan mula kahit saan ang telephone number kung saan ninyo ipipapadala ang inyong mga tawag sa inyong Call Forwarding. Presyo: \$4 bawat buwan (Kailangan ng Call Forwarding); \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Call Screen: Hindi makakatawag ang hanggang sa 10 telephone number, kaya hindi magri-ring ang inyong telepono kapag may taong tumawag na ayaw ninyong kausapin. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Call Trace: Awtomatiko ninyong mababakas ang isang tawag na ayaw ninyong matanggap at ibibigay ang impormasyon sa pulis, matapos ang tawag. Presyo: \$7.50 upang ma-activate ang serbisyo; \$6 bawat tawag na nabakas.

Speed Calling 8: Madali ninyong mada-dial mula sa anumang telepono sa inyong linya ang anumang walong (8) telephone number na madalas ninyong tinatawag, gamit ang isang 1-digit code. Presyo: \$10.99 bawat buwan; \$7.50 ang singil upang ma-activate ang serbisyo.

Voicemail: AT&T Unified MessagingSM ay isang serbisyo na nagbibigay ng mabilis at madaling daanan sa inyong mga voicemail messages sa inyong AT&T home phone, kabilang ang mga fax messages. Maging sa pamamagitan ng telepono o mula sa anumang computer na mayroong internet access, kayo ang magpapasya kung paano, kailan at saan ninyo kukunin at pakikilingan ang inyong mga mensahe*. Nag-uumpisa sa \$10.49 bawat buwan; \$10 ang singil upang ma-activate ang serbisyo, o \$8.49 bawat buwan kung mayroong kayong nagkakwalipikang All Distance®, Complete Choice® Enhanced o Complete Choice® Basic package.

**Ipinagpatuloy sa kabila sa “Ibang Mga Serbisyo ng AT&T”*

Mga Serbisyon Mayroon Mga Diskuwento

Sa **AT&T ALL DISTANCE®** plan, makagagawa kayo ng local at long-distance na mga tawag nang walang limitasyon. Magbabayad ng isang flat rate, o di nag-iibang singil, lamang. Sa ALL DISTANCE® service makagagawa kayo ng mga local call at direct-dialed nationwide long-distance call mula sa AT&T Long Distance nang walang limitasyon. Magkakaroon din kayo ng hanggang sa 12 calling feature. Magbabayad lamang ng \$66 bawat buwan. Magpapataw ng ibang mga singil. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, bisitahin kami online sa att.com o tumawag sa 800.288.2020 upang makakuha ng karagdagang mga detalye.

Ibang Mga Serbisyo ng AT&T

Nag-aalok ang AT&T ng madali at maginhawang mga serbisyo na gusto ninyo, kabilang ang TV, Internet, at Telepono*.

Mayroon mga paghihigpit sa mga lugar na sakop at serbisyo. Tumawag sa 800.288.2020 o tumungo sa att.com/support upang malaman kung kwalipikado kayo.

**Maaaring makakuha ng Voicemail-to-Text (VMTT) sa inyong kwalipikadong iOS o Android device sa pamamagitan ng AT&T Voicemail Viewer App o maaari ninyong piliin na awtomatikong ifo-forward ang inyong Unified Messaging o digital Voicemail messages sa VMTT sa isang piniling email address na maaari ninyong puntahan sa inyong smartphone, tablet o computer. Upang makakuha ng karagdagang impormasyon, mangyaring tumungo sa att.com/vmviewer.*

Mga Local Toll Calling Plan

Saver 60SM: Kasama sa buwanang singil ang hanggang sa 60 minuto* ng mga tawag para sa mga direct-dialed local toll call na nagawa sa inyong Service Area. Gagastos ng \$0.07 bawat minuto para sa mga karagdagang minuto. Presyo: \$13.99 bawat buwan; walang activation charge.

One Price SaverSM: Kasama sa buwanang singil ang hanggang sa 1,000 minuto* ng mga tawag para sa mga direct-dialed local toll call sa loob ng inyong Service Area. Gagastos ng \$0.05 bawat minuto para sa mga karagdagang minuto. Presyo: \$29.95 bawat buwan; walang activation charge.

**Natutungod sa mga customer na pinili ang AT&T bilang ang kanilang local toll provider, at sa kanilang mga direct-dialed calls, na ginawa mula sa bahay, at inumpisa at tinapos sa loob ng iisang California Service Area.*

Mga Billing Service

AT&T eBillSM: Sa pamamagitan nito makikita at mababayaran ang bill online. Maaari ninyong isama ito sa Automatic Payment Service upang tuwirang maglipat ng bayad mula sa inyong checking account sa inyong payment due date. Walang singil para sa serbisyon ito.

Mga Bayad sa Pamamagitan ng Credit Card: Maaaring bayaran ng mga customer ang kanilang bill gamit ang isang awtorisadong credit card tuwiran sa AT&T. Walang karagdagang singil.

Higit sa Isang Kopya ng Bill: Bibigyan kayo ng higit sa isang kopya ng inyong bill. Presyo: \$6.65 bawat order at \$0.04 bawat pahina.

Mas Gustong Bill Date: Mapipili ninyo ang petsa kung kailan ninyo gustong matanggap ang inyong bill bawat buwan. Upang maiba ang bill date, magbabayad minsan ng \$6.65 bawat account.

Quickservice Automatic Ordering System: Mag-order ng mga custom calling feature gamit ang Quickservice o ang Internet at ang minsanang singil ay hindi ilalapat. Upang magamit itong serbisyo, tumawag sa 800.288.2020 o bisitahin kami sa aming website sa att.com.

Ibang Mga Serbisyo

Local Directory Assistance (411): Mahahanap ninyo ang nakalistang mga phone number at ang mga naka-publish na address ng mga customer sa inyong Service Area. Ang Directory Assistance ay \$2.49 bawat tawag. Makakuha ng hanggang sa tatlong listing bawat tawag. Kasama sa presyo ng 411 ang Call Completion kung saan makukuha para sa isang listing. Kung saan pinapahintulot ng mga pasilidad, awtomatikong kokonektahin ng Call Completion ang tumatawag sa nakalistang mga local o local toll number kung hihilingin ng mga customer na tumawag sa 411. Lalapatan ng mga usage charge ang nabuong mga tawag. Maaaring makakuha ng exemption ang mga residential customer na hindi kayang gumamit ng direktoryo dahili sa isang kapansanan. Tumawag sa 800.772.3140 o TTY 800.651.5111 upang humingi ng exemption form.

National Directory Assistance: Maaari ninyong gamitin ang 411 upang humanap ng mga telephone number sa labas ng inyong Service Area at sa buong bansa. Hindi ninyo kailangan ibigay ang area code; i-dial lang ang 411. Presyo: \$2.49 bawat tawag sa Directory Assistance.

Reverse Directory Assistance: Maaari ninyong hilingin ang nakalistang pangalan, address at zip code kapag tumatawag sa 411 at ibinibigay ang area code at telephone number. Presyo: \$2.49 bawat tawag sa Directory Assistance.

Maaaring alisin ng mga customer na ayaw mabunyag ang kanilang address at/o unang pangalan (kailangan ng unang titik) sa Reverse Directory Assistance ang impormasyon ito. Walang singil. Kailangan lamang tumawag sa 800.288.2020.

Business Category Search: Makahahanap ng telephone number kahit hindi alam ang pangalan ng isang negosyo. Bibigyan kayo ng impormasyon tungkol sa isang negosyo batay sa uri ng negosyo at layo, kung may naibigay na lugar. Presyo: \$2.49 bawat tawag sa Directory Assistance.

Directory Assistance Listing Service: Maaaring magpalista ng pangalan, telephone number at address sa Directory Assistance, subalit hindi sa telephone directory. Presyo: \$1.50 bawat buwan. Walang activation charge.

Mga Linyang Nagbibigay ng Impormasyon: Maaaring magdagdag ng isa pang linya ng impormasyon sa inyong listing sa AT&T White Pages listing o karagdagang listing. Presyo: \$2.50 bawat buwan; magbabayad ng \$4.75 upang ma-activate ang serbisyo.

Non-Published Number: Hindi lilitahin ang inyong pangalan, address at phone number sa AT&T White Pages telephone directory at sa Local, Nationwide at/o Reverse Directory Assistance (411) na nagagamit ng pangkalahatang publiko. Presyo: \$1.75 bawat buwan; walang activation charge.

Intercept Service: Isang recording na nagsasabi sa mga tumatawag sa diskonektadong mgs telephone number na diskonektado ito at hindi na nagbibigay ng serbisyo.

900/976 Blocking: Hindi makakatawag sa mga telephone number na nag-uumpisa sa 900 area code o mayroong 976 prefix. Walang singil para sa serbisyon ito.

Toll Blocking: Kontrolin ang mga gastos sa telepono. Harangin ang mga tawag na magkakaroon ng singil. Presyo: \$1.90 bawat buwan, libre para sa mga customer ng California LifeLine; walang activation charge.

Caller ID Complete Blocking: Hindi ipinapakita ang inyong pangalan at telephone number kapag tumatawag kayo maliban kung tumawag kayo sa 911 at sa mga toll-free number, ibig sabihin, 800, 866, 888 at 900 number. Walang singil. Maaari ninyong alisin kung gusto ninyong makita ang inyong impormasyon sa isang tawag. Walang singil. Pindutin lamang ang *82 bago nagda-dial.

Caller ID Selective Blocking (*67): Maaari ninyong hindi ipakita ang inyong pangalan at telephone number kapag tumatawag kayo. Pindutin lamang ang *67 bago nagda-dial. Walang singil para sa serbisyon ito.

Per Visit Inside Wire Repair Service: Maaari ninyong tawagan ang AT&T Repair (611) upang makumpuni ang inyong phone wiring at mga telephone jack*. Presyo: \$55 para sa unang 15 minuto ng pagkukumpuni, \$20 para sa bawat karagdagang 15 minuto ng pagkukumpuni.

(Kung kailangan ninyo o ng inyong landlord na gumawa ng pag-aayos tungkol sa pagkukumpuni ng kawad sa loob ng tirahan, maaari ninyong: sariling gawin ang pagkukumpuni, kumasundo ng ibang partidong maaaring gawin ang pagkukumpuni o tumawag sa AT&T upang ipagawa ang pagkukumpuni. Ang ikaapat na maaaring gawin ay magpatala sa WireProSM mula sa AT&T bago magkaroon ng problema.)

Mga Singil ng Inside Wire Repair at WireProSM Plan: Walang “premises visit charges” kapag kinumpuni ng mga technician ng AT&T ang phone wiring at mga telephone jack* sa inyong bahay kung naka-subscribe sa WireProSM. Magbabayad ng \$8 bawat buwan, bawat linya, o \$6 lamang bawat buwan kung mayroon nagkakwalipikang All Distance®, Complete Choice® Enhanced o Complete Choice® Basic package. Walang activation charge.

*Isaisip: Tanging sakop ng WireProSM ang standard wiring at jacks na gumagana noong nakonekta ang serbisyo at sinasapatan ang mga teknikal na pamantayan ng AT&T. *Ang inside wire ay ang bahagi ng telephone wire na nagkokonekta ng telephone jack sa AT&T sa punto ng paghihiwalay na tiniyak sang-ayon sa mga orden ng CPUC. Responsibilidad ng mga landlord ang pag-instala ng hindi kukulang sa isang gumaganang telephone jack at ang paglagay at pagpapanatili ng paggana ng telephone wiring sa loob ng tirahan.*

AT&T Long Distance: Nag-aalok ng madaling maintindihan na long distance service at di-karaniwang mga rate plan na tumutugon sa mga pangangailangan sa pakikipag-ugnayan ng mga customer sa California. Mayroon mga planong tumutugon sa mga pangangailangan ng mga customer na gumagawa ng mga long distance call, kapwa sa U.S. at sa ibang bansa. Ibinibigay din ng AT&T Long Distance ang kaginhawaan ng isang bill na nagsasama ng AT&T local service. Nagbibigay ang AT&T Long Distance ng direct-dial service sa lahat ng mga local service area kung saan may nananaig na pakikipag-ayos sa mga lokal na provider.

Maaaring hindi makuha ang mga serbisyo sa lahat ng lugar. Maaaring mag-iba ang mga presyo at availability. Mangyaring pumunta sa att.com para sa kompleto at pinakabagong impormasyon tungkol sa mga produkto.

Ang inyong wika. Hinatid. Dagdag dito, higit sa 160 iba. Tumawag sa 800.203.8600.

